Discover • Understand • Apply

# BIBLE STUDY

## 1 Timoteo 2:1-7

SMALL GROUP SESSIONS

Mayo 08-14, 2022



Kamuning Bible Christian Fellowship


# 1 Timoteo 2:1-7

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

PAGTUKLAS

PAG-UNAWA

PAGTUGON




# 1 Timoteo 2:1-7

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

## Mga Tagubilin tungkol sa Panalangin


1 Una sa lahat, ipinapakiusap kong idulog
ninyo sa Diyos ang inyong mga kahilingan,
panalangin, pagsamo, at pasasalamat
para sa lahat ng tao. 2 Idalangin rin ninyo
ang mga hari at maykapangyarihan, upang
tayo'y makapamuhay nang matahimik,
mapayapa, maka-Diyos at marangal. 3 Ito
ang mabuti at nakalulugod sa Diyos na
ating Tagapagligtas.



# 1 Timoteo 2:1-7

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

4 Ibig niyang ang lahat ng tao ay maligtas
at makaalam ng katotohanang ito. 5
Sapagkat iisa ang Diyos at iisa ang
tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao,
ang taong si Cristo Jesus. 6 Inihandog niya
ang kanyang buhay upang tubusin ang
lahat mula sa kasalanan. Ang
katotohanang ito ay pinatunayan sa
takdang panahon.



# 1 Timoteo 2:1-7

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

7 Dahil dito, ako'y pinili upang maging mangangaral, apostol at tagapagturo ng pananampalataya at katotohanan para sa mga Hentil. Totoo ang sinasabi ko, at hindi ako nagsisinungaling!

## **Mahalagang**
## Prinsipyo sa Buhay

Bilang kumakatawan sa Ebanghelyo ni Kristo, ako'y mamamagitan, mananalangin at magpapasalamat para sa mga pinuno at nasa gobyerno, bilang tugon sa tawag ng Diyos na mamuhay ng maka-Diyos at banal na buhay.

## QUESTION 1

# Anong pagtuturo ang ibinigay ni Pablo sa talatang 1&2 at bakit niya tinukoy ang pananalangin para sa mga may kinauukulan?

**1 Timoteo 2:1-7**

## PAGTUKLAS

## QUESTION 2

# Bakit tayo mananalangin para lahat ng tao? Ano ang layunin nito? (v.3)

**1 Timoteo 2:1-7**

## PAGTUKLAS

# QUESTION 3

## Ano ang tungkulin ni Kristo Jesus sa kaligtasan ng sansinukob?

**1 Timoteo 2:1-7**

# PAGTUKLAS

# QUESTION 1

Sino ang likas nating ipinanalangin at sino naman kinakailangan ngunit likas nating nalilimutang isama sa panalangin?

*1 Timoteo 2:1-7*

PAG-UNAWA

# QUESTION 2

Paano tinitingnan ng Biblia ang mga may kinauukulan sa gobyerno at ano ang ating nararapat na pagtingin sa kanila bilang mananampalataya ni Kristo?

*1 Timoteo 2:1-7*

PAG-UNAWA

# QUESTION 3

Paano pinapalaganap ang Ebanghelyo sa lahat ng tao kung tayo ay nagpapasakop at nananalangin para sa mga may kinauukulan sa gobyerno? Magbanggit ng mga halimbawa mula sa Biblia.

*1 Timoteo 2:1-7*

PAG-UNAWA

## QUESTION 1

Pagbubulay-bulay: Ikaw ba ay nananalangin para sa lahat ayon sa kalooban ng Diyos?Dinadala mo ba sa panalangin ang mga namumuno sa gobyerno?Kung hindi, ano ang maaari mong gawin upang lumago sa panalangin?

**1 Timoteo 2:1-7**

# PAGTUGON

# QUESTION 2

Sinusuri mo ba ang iyong patotoo bilang mananampalataya sa iyong pakikilahok sa gawain ng gobyerno o politika? Limiin kung ang iyong mga pagkilos at nagsasalamin ng kabanalan ng Diyos at nag ambag sa ikasusulong ng Kaharian ng Diyos. Ano ang nais mong ipagpatuloy o nais mong mabago?


**1 Timoteo 2:1-7**

## PAGTUGON

# QUESTION 3

**Ipanalangin ang ating gobyerno.**

- Alalahanin ang mga tao sa gobyerno na iyong ipinapagpasalamat. Hilingin sa Diyos na patuloy silang pagpalaain sa kanilang paglilingkod.
- Idalangin ang mga nasa gobyerno na may pangunahing tungkulin sa nalalapit na eleksyon sa Mayo 9, 2022.
- Ipanalangin ang mga mahahalal na pinuno, na sila ay bibigyan ng Diyos ng kanungan upang maging mabuting tagapamahala para sa bayan.



1 Timoteo 2:1-7

# PAGTUGON

# 1 Timoteo 2:1-7

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON

# Mahalagang
## Prinsipyo sa Buhay

Bilang kumakatawan sa Ebanghelyo ni Kristo, ako'y mamamagitan, mananalangin at magpapasalamat para sa mga pinuno at nasa gobyerno, bilang tugon sa tawag ng Diyos na mamuhay ng maka-Diyos at banal na buhay.

Small Group Sessions

# PANGWAKAS NA PANALANGIN



Discover • Understand • Apply

# BIBLE STUDY

## 1 Timoteo 2:1-7

SMALL GROUP SESSIONS

SEE YOU NEXT WEEK!



Kamuning Bible Christian Fellowship

# KBCF

kbcf.org.ph KBCFofficial KBCFamily kbcf.office@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584